

PRESIDENTIAL COMMUNICATIONS OPERATIONS OFFICE
News and Information Bureau

PUBLIC BRIEFING #LAGINGHANDAPH
HOSTED BY USEC. ROCKY IGNACIO
JUNE 7, 2021 (8:39 A.M. - 11 A.M.)

USEC. IGNACIO: Magandang umaga, Pilipinas. Ngayong umaga ay sama-sama nating masasaksihan ang symbolic vaccination ng ilan sa mga tinaguriang economic frontliners ng ating bansa o ang mga kabilang sa A4 priority list ng National Vaccination Program.

Ang pagbabakuna ng mga manggagawa mula sa iba't ibang industriya ang inaasahan nating susi sa tuluy-tuloy na pagbubukas ng ating ekonomiya. Iyan at iba pang mahahalagang usapin ang ating tatalakayin ngayong araw ng Lunes, June 7, 2021. Ako po ang inyong lingkod, Usec. Rocky Ignacio at ito po ang espesyal na edisyon ng Public Briefing #LagingHandaPH - VaccINATION Resbakuna para sa A4!

Bandang alas-siyete y media naman po ng umaga kahapon ay dumating sa Pilipinas ang karagdagang isang milyong doses ng CoronaVac vaccine ng Sinovac Biotech mula sa China. Ayon sa National Task Force Against COVID-19, ito ay unang batch pa lang ng mga bakuna mula sa Sinovac na inaasahang darating sa bansa ngayong buwan ng Hunyo, bukod rito ay nauna ng dumating at ibinakuna sa bansa ang nasa 5.5 million doses ng Sinovac vaccine noong mga nakaraang buwan. Kamakailan lang ay inaprubahan na rin ang CoronaVac para sa Emergency Use ng World Health Organization.

Samantala, muli namang umakyat sa higit 7,000 ang naitalang bagong nahawaan ng COVID-19. Base sa pinakahuling report ng Department of Health, 7,228 ang mga bagong kaso kahapon, habang mas mataas naman ng bahagya ang mga dagdag na gumaling na nasa 7,372. Sa kabuuan 1,188,243 na ang lahat ng naka-recover mula sa COVID19 habang 1,269,478 naman ang lahat ng nagkasakit, 166 naman ang naitalang mga nasawi sa kabuuang 21,898. Sa kasalukuyan 4.7% ng total cases ang nananatiling aktibo na nasa 59,337.

Sa inaasahang pagsisimula ng pagbabakuna ngayong araw para sa A4 priority sector, hinimok naman ni Senator Bong Go ang mga lokal na pamahalaan na pabilisin pa ang pagbabakuna sa mga vulnerable sector para bumilis din ang pagkamit natin ng population protection laban sa COVID-19. Narito po ang detalye:

[NEWS REPORT]

USEC. IGNACIO: Kung may mga convenience store na bukas 24/7 para sa mga customer na gustong bumili anumang oras, 24/7 naman kung magbigay ng serbisyo sa mga Pilipino si Senator Christopher Bong Go. Hindi natutulog ang serbisyo basta't may mga kababayan tayong dapat damayan, laging nariyan si Kuya Bong Go. Narito ang report:

[NEWS REPORT]

USEC. IGNACIO: Maya-maya lamang po ay inaasahang magsisimula na ang simultaneous commitment ceremony at symbolic vaccination para sa mga essential workers mula sa tinaguriang NCR Plus 8 na kinabibilangan ng Metro Manila, Bulacan, Rizal, Cavite, Laguna, Batangas, Pampanga, Metro Cebu at Metro Davao. Kasama nating tututok live mula po sa SM Mall of Asia si Joee Guilas. Joee, ano na ang maaasahan natin diyan ngayong umaga?

[NEWS REPORT BY JOEE GUILAS]

USEC. IGNACIO: Salamat sa iyo, Joee. Kasama rin nating magbabalita live mula sa MOA Pasay sina Mela Lesmoras, Kenneth Paciente at si Naomi Tiburcio.

Makibalita rin tayo sa iba pang kaganapan sa MOA. Magbabalita ng live si Mela Lesmoras. Mela?

[NEWS REPORT BY MELA LESMORAS]

USEC. IGNACIO: Okay. Maraming salamat sa iyo, Mela Lesmoras.

Kasama rin natin magri-report live mula pa rin sa MOA si Kenneth Paciente. Kenneth?

[NEWS REPORT BY KENNETH PACIENTE]

USEC. IGNACIO: Maraming salamat sa iyo, Kenneth Paciente.

Kaugnay niyan ay may update din si Naomi Tiburcio. Naomi?

[NEWS REPORT BY NAOMI TIBURCIO]

USEC. IGNACIO: Okay. Maraming salamat sa iyo, Naomi Tiburcio.

Ilang minuto na lamang po ay magsisimula na ang makasaysayang symbolic vaccination sa nasa limampung essential workers. Balikan po natin si Joee Guilas live mula pa rin po sa SM Mall of Asia. Joee?

[NEWS REPORT BY JOEE GUILAS]

USEC. IGNACIO: Joee, nakikita ko mukhang magsisimula na, pero sandali lang bakit may balita kami may ilang showbiz personality rin ang kasama sa babakunahan, Joee?

JOEE GUILAS: Oo. Naku, hindi lang talaga makabuluhan itong ating event na ito, medyo may pagka-showbiz din, dahil pati naman ang mga kasamahan natin sa entertainment industry,

talagang tinamaan din ng pandemya. We are expecting the likes of Iya Villania and Drew Arellano, as well as itong si Susie and Paolo Abrera na babakunahan din ngayong araw na ito.

USEC. IGNACIO: Okay. Salamat sa iyo, Joe Guilas.

[VIDEO PRESENTATION]

[PROGRAM PROPER]

DTI SEC. RAMON LOPEZ: Thank you. Magandang umaga po sa inyong lahat and good morning to our fellow workers in government and, of course, to our dear partners from the private sector. Sabi ng emcee few words, since marami pang magsasalita, I will be very brief.

First of all, we are all very happy that we are finally starting to vaccinate the economic frontliners. So in behalf po ng economic sector sa Gabinete, we are very thankful for this event that we are symbolically starting the vaccination of A4, iyong economic frontliners.

Very important to this is the expansion of the definition. If you remember the previous coverage of the A4, napaka-limited. But now, with the help of our leaders here, pinangungunahan nila Sec. Charlie, Galvez, DOH Secretary Duque and of course ang ka-partner po natin, si Sec. Vince Dizon, in-expand po natin iyong definition, of course, with the approval of the IATF, to really include almost all workers – private, government, even self-employed, even those mga kasambahay. So, talagang halos lahat na po and that is very important because to me and to all of us, this is really the much-needed shot in the arm, iyong talagang pagbigay suporta sa backbone of our economy, ang mga workers po.

So this is ‘a shot in the arm’ to the economic frontliners, ‘a shot in the arm’ to our economy. And this is really what we need as we are trying to continuously reopen. Otherwise po ang ating reopening ay forward-backward - two steps forward, one step backward. But hopefully, we expect to see that with as many frontliners and all other citizens in the country get vaccinated, we will see cases go down. Importante sa vaccine, we always hear this, the severe cases, the death cases will really go down and with that we will confidently continue to reopen and towards the path, and that towards the path of recovery. That is very important.

And now, we are seeing signs of recovery, we will see more and better signs of recovery moving forward. We just hope that we move forward also as we get to vaccinate more, we start to reopen further, especially give the benefits doon sa mga nabakunahan na. We are saying that iyong nabakunahan na, sana may maramdaman din silang benepisyo. What do I mean? So iyong mga bawal ngayon, sana payagan na, nabakunahan na ng two doses, after one month, immune na sila. Payagan na natin iyong mga seniors, kasama ako, o iyong 65 and above, hindi ako kasama doon. But iyong 65 and above na bawal ngayon ay sana po ay unti-unti nang mapayagan. At iyon po ay pag-uusapan natin sa IATF, of course with the private sector, para we can develop a policy that will give benefit doon sa nabakunahan na. O kaya po

iyong in terms of the domestic travel or the foreign travel, kung vaccinated, if we can have a shorter quarantine, that's another policy that we are studying.

Short term policy: Pagdating iba-vaccinated, pagdating PCR test, kapag negative puwede na ang short term quarantine. That is a big help also to the investors, a lot of investors are really wanting to get in, but are discouraged by the long quarantine that we still have. And so we simply follow the best practices na ginagawa sa ibang bansa. So iyon lang po and with that, those adjustments in our policy and with the help of our team here, from government, IATF and from the private sector, we will go really towards the path to recovery.

Maraming salamat po.

DOLE SEC. SILVESTRE BELLO III: Maraming salamat po, Ginang tagapagpakilala. Nabakunahan na ba kayo? Malas niya. Ako I just arrived at 3:30 in the morning, coming from Ilagan City, Province of Isabela, kapitbahay ko si Governor Dax. I went to Isabela to have my bakuna, ang init-init doon. After the bakuna, I left Ilagan City at 5:00 o'clock in the afternoon. I arrived together with my driver at 3:30 in the morning. Kaya kayong mababakunahan ngayon, napakasuwerte ninyo, air-conditioned, the best mall in the Philippines – in the world. Ako nabakunahan ako sa napakaliit na barangay doon sa Isabela, sa Ilagan. Kaya pasalamat kayo, ma'am, pabakuna na kayo.

Ang aking mga kasamahan sa Gabinete ni Presidente Duterte according to age, Secretary Pingkoy, Secretary Harry, iyan, the Vaccine Czar Secretary Charlie – kung hindi dahil sa kaniya, naku, wala tayong bakuna. Thank you very much, Charlie ha. May utang pa akong limang libong vaccine kay Charlie, hindi pa ako nakakabayad.

My partner, Secretary Mon Lopez, partner ko siya, kasi kapag maganda ang ekonomiya, maganda ang employment. Oh, and then sino pa? Mga kasamahan natin sa Gabinete. Wala na ano. Si Sec. Vince. Bumata ka kasi eh, nahihiyang ka sa bakuna. Of course, my classmate, classmate ko sa Kongreso, pinakamasipag na Congresswoman ng Pasay, Mayor Emi. Balik ka na sa Congress, Ma'am Emi. My favorite chairman ng MMDA, Secretary Benhur; of course, si Secretary Joey over there, siya ang nagsabi sa akin, you ask all the workers to be vaccinated. Sabi ko, si Joey paano ko sila iba-vaccinate eh wala mang vaccine? Sabi niya, "Darating." So lahat ng manggagawa, wait for the arrival of the vaccine from our employers. Thank you sa ating mga employers ha, thank you very much. Secretary Joey and my neighbor, Governor Dax.

Mga minamahal kong manggagawa na nagpapagulong sa ating ekonomiya, magandang, magandang umaga po sa ating lahat.

You know, this morning, we stand witness to the fulfillment of our desire to ensure the protection and safety of our economic frontliners in the work places. Thanks to Sec. Charlie.

By guaranteeing their health and safety, our economy will surely recover from the devastation brought about by the COVID pandemic.

Kaya naman po tayo ay naririto upang pasalamatan ang ating mga manggagawa, mga empleyado mula sa iba't ibang sektor ng ating ekonomiya. Kayo ang tuwirang humaharap sa panganib ng COVID, sa mga enterpresa at opisina upang manatiling tumatakbo ang ating kabuhayan. Ito po ay ginagawa natin hindi lamang bilang pagkilala sa napakahalagang kontribusyon ninyo sa ating ekonomiya. Maraming salamat talaga, mga manggagawa.

Ang pagbabakuna sa ating mga economic frontliners ang siyang susi upang ang buong bayan ay makaahon mula sa pagkalugmok, dito po magmumula ang ganap nating pagbabalikwas.

My dear friends, mga kababayan, mabuhay ang ating economic frontliners! And mabuhay ang mga manggagawang Pilipino! Magandang umaga po sa inyong lahat.

MODERATOR: Thank you very much, DOLE Secretary Silvestre Bello III. As mentioned by Secretary Bello, if the economy is good, employment as well is good. That is why our activity for today is very important and the key to our recovery.

Before I move on, I would just like to acknowledge also joining us today is Undersecretary Epimaco Densing III from DILG. Good morning, Usec. And also we have Undersecretary George Apacible from the Presidential Communications Operations Office. Good morning to you, sir.

And now, to also give a message to all of us today, we have the Presidential Spokesperson. Let's give a big round of applause to Secretary Harry Roque.

SEC. ROQUE: Maayong aga sa inyong tanan. Magandang umaga po, Pilipinas.

Sa ngalan po ng ating Presidente, Rodrigo Roa Duterte, maraming salamat po sa inyong lahat sa pagdating dito sa symbolic vaccination para po sa ating mga manggagawa. Mabuhay po ang buong sambayanang Pilipino!

Unang-una, welcome din po sa aming siyudad ng aking mayor, Mayor Emi Calixto, dahil ako po ay pinanganak at lumaki dito sa Siyudad ng Pasay. At nagagalak naman po ako na dito po sa aming siyudad na gagawa or nangyayari ngayon ang isang makasaysayang araw na ito. Ang okasyon pong ito ay hudyat ng simula ng muling pagbabangon ng Pilipinas dahil ang mababakunahang ngayong araw ay ang ating A4 workforce.

Nasa tatlumpu't limang bilyon ang bumubuo ng A4 ayon sa estimate ng ating mga ekonomista. Kabilang sa A4 ang private sector workers, informal sector workers at self-employed na kailangang magtrabaho sa labas ng kanilang tirahan, at mga nagtatrabaho sa private households. Sa madaling salita, mga nagtatrabahong Pilipino.

Dahil dito, ang pagbabakuna sa A4 ay masasabi nating game changer sa ating laban dito sa COVID-19. Layunin natin na ligtas na makapaghanapbuhay ang ating mga manggagawa. Ito rin ang magsisiguro na kahit nandiyan ang coronavirus ay hindi masisira o matitigil ang serbisyo ng ating pamahalaan.

Salamat sa ating mga katuwang, ang ating mga local governments at ang pribadong sektor. Hindi ko na po inisa-isang batiin ang ating mga kasama rito dahil bilang pang-apat na tagapagsalita, memoryado na po natin kung sinu-sino ang naririto ngayon.

Pero bago po ako magtapos, nais ko lang pong linawin ang isang naging kontrobersiyal na anunsiyo ko na isang desisyon po ng IATF. Sinabi po ng IATF na iyong mga nabakunahan na sa Pilipinas kapag sila ay nag-abroad, pagbalik nila ay kinakailangan seven-day quarantine pa rin po sa facilities na hindi naman po iri-require ang PCR.

Naku po, ang daming bumatikos noong weekend at ang sabi, eh ang request ay dapat wala na raw quarantine para sa mga bumabalik na mga Pilipino lalung-lalo na iyong magbabakasyon po.

Paunawa po, pero unang-una, tagapagsalita lang po ako. Laway nga lang po, ang tawag sa akin, Laway King. Pangalawa, ang problema po kasi, wala pa po tayong kasunduan sa buong daigdig kung paano natin mabi-verify iyong authenticity ng mga vaccination cards sa buong daigdig. Ang personal kong pananaw bilang isang nagturo po ng international law sa UP ng labinlimang tao, baka kinakailangan magkaroon ng isang international na kasunduan kung dapat magkaroon ng standard na vaccination certificate nang sa ganoon ay hindi po problema ang pag-o-authenticate kung totoo ba o peke iyong vaccination card.

Hindi naman po natin sinasabi na hindi na po pag-uusapan sa IATF kung ano iyong magiging arrival protocols sa mga nabakunahan na. Papunta po tayo roon. Pero dito po sa Pilipinas, nagsisimula pa lamang tayo ng A4 so siguro naman po kung nakapag-antay naman tayo nang mahigit isang taon bago dumating ang bakuna, makapag-aantay po tayo nang konti pa pong panahon para magkaroon po ng pagkakataon ang buong mundo na magkaroon ng kasunduan ko paano nga ba ang gagawin sa mga taong nabakunahan.

Pero sa ating A4 ngayon, ang mabuting balita, kung anumang kasunduan ang papasukin ng buong daigdig at tayo ay mababakunahan, well, unang-una, mayroon na po tayong ligtas, mayroon na po tayong proteksiyon laban sa matinding pagkakasakit sa COVID o 'di naman kaya proteksiyon laban sa kamatayan dahil sa COVID. At bukod po diyan, magbabalik-buhay na po tayo dahil sa bakuna.

Magandang araw po sa inyong lahat.

MODERATOR: Thank you very much, Presidential Spokesperson Secretary Harry Roque. Later after our program for the vaccination Resbakuna para sa A4, there will be a media briefing by Presidential Spokesperson Harry Roque to be joined by our other secretaries.

Meanwhile, allow me to acknowledge as well some of our government officials joining us today. We have Undersecretary Myrna Cabotaje from the Department of Health, the chairperson of National Vaccination Operations Center. Good morning, Usec.

We also have Assistant Secretary Elmer Punzalan from DOH as well. Good morning, Asec.

And also we have, of course, Assistant Secretary Queenie Rodulfo from the Presidential Communications Operations Office. Good morning, ma'am.

And now, to give an update on the current and expected vaccine supply and the commitment of the national government to provide local government units with access to vaccine doses, put your hands together for the National Task Force against COVID-19 Chief Implementer and Vaccine Czar Secretary Carlito Galvez, Jr.

SEC. GALVEZ: Isang magandang araw po sa ating lahat. Sa atin pong mga Cabinet secretaries na nandito po, Ma'am Emi, Chairman, at sa lahat po na nandito po na business sector headed by Sir Hans, Sir Fernando and all the members of the T3 forum.

Napakahalaga po ng araw na ito sa ating bansa sapagka't ngayon ay masasaksihan po natin ang symbolic vaccination para sa A4 priority sector alinsunod sa ating National Vaccination Program. Sa ilalim ng priority sector na ito ay tatlong grupo ang kinabibilangan ng mga manggagawa sa pribadong sektor, mga kawani ng pamahalaang nasyonal at manggagawa sa informal na sektor at nagtatrabaho sa mga pribadong sambayanan.

Tayo pong lahat ay maituturing na mga bayani dahil sa sipag, dedikasyon at tapang sa inyong ipinamalas sa harap ng crisis ng pangkalusugan na ito. Hindi matutumbasan ang pagod, hiras at sakripisyo na inyong ginagawa para sa inyong pamilya at para sa ating komunidad.

Kaya naman po dahil dapat lamang na mabigyan ang ating mga manggagawa ng karagdagang proteksiyon laban sa COVID-19, ang mga bakunang ito ay magsisilbing inyong pangunahing pananggalang laban sa sakit. Napakahalaga ng magiging papel ng ating mga lokal na pamahalaan at ng pribadong sektor sa pagpapatupad ng ating vaccination program. Sa inyong mga kamay nakasalalay ang tagumpay ng programang ito.

I would like to acknowledge the Ayala Group, Sir, maraming-maraming salamat. Halos every Monday po, ang Boston Consulting Group at saka ang T3 nandiyan po si Sir Paolo, binibigyan po kami ng mga insights on how to fight COVID-19. At maraming-maraming salamat po sa ating SM malls, Sir Hans at sa lahat po ng ating mga experts sa ating cold chain solution na gumagawa po ng simulation po sa ating pagbabakuna.

Darating naman po ngayong June – marami pong darating na bakuna ngayong June. Ito po ang magandang announcement ko po sa inyong lahat ngayon. Kahapon dumating ang one

million doses ng corona vaccine mula po sa China. Ito po ay bahagi ng 5.5 million doses ng bakuna na inaasahan nating ipapadala sa ating bansa na Sinovac ngayong buwan.

Dahil po nag-release po ang ating mahal na Presidente ng 2.8 billion from his contingency fund para makabili ng additional four million para sa ating mga frontliners at ating tinatawag na A5, iyong ating mga poor communities, so, nagpapasalamat po kami sa ating mahal na Presidente.

Darating na ngayon pong June 8 ang 100,000 doses ng Sputnik V at mayroon pong darating na Pfizer from COVAX na 2,280,000 ngayong June 10. At kasama po doon darating ang second tranche ng Sinovac na June 10 din, another one million. And then sa mid of this month or third week of June, darating na naman ang another COVAX Facility, iyong AstraZeneca. Darating po iyong 2,028,000 na doses at darating na rin po iyong order ng ating private sector, iyong 250,000 doses na Moderna ngayong June 30.

All in all po, ang darating po ngayong June para po mabakunahan ang ating A1, A2, A3 and A4 and A5 ay 10,158,000 vaccine doses sa loob ng buwang ito at darating din sa Agosto more or less mga 15 million dahil ang ating mga supply agreements ay darating po ng third quarter at fourth quarter.

Kaya naman kung nariyan po ang bakuna sa inyong mga lugar lalo na iyong ating mga A4 at saka A5, huwag na kayong mag-atubiling magpabakuna. Huwag na rin kayong mag-alala sa uri ng bakuna na itinuturok sa inyo dahil ang lahat pong ito ay ligtas at epektibo at karamihan po mayroon pong WHO emergency authorization.

Ang pangunahing layunin ng pamahalaan ay makamit ng ating bansa ang tinatawag na population protection kaya po iyong mga seniors natin, iyong mga priority group A1, A2, A3, huwag na po kayong mag-atubili. Kaya po alisin na natin sa isipan ang ating pag-aalinlangan at magpabakuna na.

Hindi lamang ito para sa inyong mga sarili kung hindi para na rin sa inyong mga mahal sa buhay at ang moral obligation natin sa ating mga komunidad. Katulad ng palaging sinasabi ng Pangulong Rodrigo Duterte na no one is safe until everyone is safe at wala po tayong iiwan, wala pong iwanan.

So, ang gusto po ng ating mahal na Presidente is to provide all the vaccines for free, for all. Ito po ang aking panawagan po sa atin na tayo ay magkaisa at magtulungan po tayo at ito po ang magiging susi sa ating tuluyang pagsugpo sa pandemyang ito at pagbangon sa ating ekonomiya.

Unang-una sa lahat ang aming pagpapasalamat sa ating private sector. Maraming-maraming salamat po sa inyong pagtulong at sinasabi po ng ating mahal na Presidente, hinding-hindi po namin malilimutan ang kabutihan ninyo po.

Maraming-maraming salamat.

MODERATOR: Thank you very much, Vaccine Czar and NTF against COVID-19 Chief Implementer Secretary Carlito Galvez Jr.

As reported by Secretary Galvez, a bulk of vaccines will arrive this month and more in the coming periods. Next, to talk about the updated rollout guidelines from the National Task Force against COVID-19 and Department of Health, we have now the National Task Force Against COVID-19 Deputy Chief Implementer, Secretary Vince Dizon.

SEC. DIZON: Magandang-magandang umaga po sa ating lahat.

Napakaganda po ng araw na ito lalung-lalo na po para sa ating mga manggagawa. Alam ninyo o noong pinag-uusapan po ang pagbubukas ng A4 para sa ating mga manggagawa, simple na lang po ang aming pinag-usapan. Unang-una po, ang ating mga manggagawa dahil sa kinakailangan nilang magtrabaho araw-araw para sa kanilang mga pamilya, ang mga pinaka-exposed sa ating mga kababayan. Sila po ang lumalabas araw-araw, sumasakay ng jeep, sumasakay ng bus, nagtatrabaho at pagkatapos po ng napakahabang araw ay umuuwi sa kanilang mga pamilya.

Sila po ang talagang nangangailangan ng ating tulong. Kaya po nagpapasalamat po tayo kay Secretary Duque, kay Secretary Galvez, kay Secretary Mon Lopez, kay Secretary Bebot Bello – sila po talaga ang nagtulak para sa ating mga manggagawa at ngayon, puwede na natin silang bakunahan. So, maraming-maraming salamat po.

Alam ninyo po dahil nga po doon, sinimplify na po ni Secretary Galvez. Ang A4 po ay simple lang, lahat ng ating mga kababayan na kailangang lumabas ng mga bahay para magtrabaho ay babakunahan na natin dahil kailangan nila ng bakuna. Ganoon na lang po ka-simple ngayon. Wala na pong kung anu-ano pang mga definition, wala na po tayong mga masyadong maraming mga requirements para sa kanila basta po sila ay lumalabas ng bahay para magtrabaho at sila po ay willing magpabakuna, sila po ay ating babakunahan.

Kaya po napaka-importante po ng araw na ito para sa ating mga manggagawa at para sa kanilang mga pamilya dahil po kahit papaano ngayon pati ang kanilang mga pamilya ay magiging mas kampante dahil ang kanilang mga breadwinner, ang kanilang mga tatay, asawa, kapatid na nagtatrabaho araw-araw ay mababakunahan na po. Kaya para po sa ating mga manggagawa, ngayon po ang araw ng simula at ngayon din po ang araw ng simula ng ating tuluy-tuloy na sanang pagbaklas dito sa sakit COVID-19.

Kaya maraming-maraming salamat po sa ating mga private sector representatives. Alam ko matagal na ninyo pong hinihintay ito. Secretary Joey Concepcion, matagal na po niyang ipinaglalaman ito kasama ni Chairman Benhur Abalos kaya ngayon pong araw na ito, tuluy-tuloy na pong mailalaya natin ang ating mga manggagawa sa COVID-19.

Maraming-maraming salamat po.

MODERATOR: Thank you very much, Secretary Vince Dizon and thank you for that update for the simplified guideline for the priority group A4.

At this point, I would like to invite again everybody to focus your attention on the LED screen we have over here for a message from the chair of the Senate Committee on Health and Demography, we have a message from Senator Christopher Lawrence ‘Bong’ Go.

Let’s watch this.

[VTR]

SEN. GO: Maligayang bati po sa lahat ng ating minamahal na essential workers at sa mga kabilang sa A4 priority group.

Natutuwa po ako na magsisimula na ang pagbabakuna sa mga miyembro ng A4 priority group na karamihan ay kinabibilangan ng ating economic frontliners at essential workers na bumubuhay sa ating ekonomiya sa panahon ng COVID-19.

I commend the National Task Force against COVID-19 and the IATF for accelerating the government’s vaccine rollout and opening up the vaccination for the A4 priority group. I also support the expansion of the inclusion criteria for the A4 priority group. Importante ito para mas marami na ang mabakunahan at makabangon muli ang ating ekonomiya.

Sa pagsimula ng pagbabakuna sa A4 priority, huwag nating kalimutan ang pagbakuna sa mga natitirang A1 to A3 na hindi pa nababakunahan. We should exert all efforts to continuously prioritize A1, A2 and A3 priority groups by establishing special lanes or special vaccination centers for them.

Ang importante ay walang masayang na bakuna at walang masayang na panahon upang mas mabilis nating marating ang herd immunity sa ating community. Iyan po ang target natin ngayong taong ito, ma-achieve po natin ang herd immunity at hindi na po kumalat ang sakit na COVID-19.

Kaya po nananawagan po ako sa mga kababayan natin magtiwala po kayo sa bakuna, huwag po kayong matakot sa bakuna. Ang bakuna po ang susi o solusyon upang unti-unti na tayong makabalik sa normal na pamumuhay. Magtiwala lang tayo sa gobyerno at kailangan po samahan po ninyo ng kooperasyon at disiplina po ng bawat mamamayang Pilipino.

I also want to take this opportunity to remind our officials that let us expand the vaccine rollout to a larger segment of the population, we must efficiently communicate and guide the public on the required processes and procedures to be followed by those who are covered by the A4 priority group.

Importante po pagpasok ng bakuna, i-deploy kaagad, iturok po kaagad at dapat po ay walang masayang na bakuna. Naghahabulan po tayo dito para po ma-achieve natin iyong herd immunity ngayong taong ito. Dapat din nating siguraduhin na mabilis at sistematiko ang pagdistribute ng mga bakuna lalo na ngayong mas marami na ang maaaring bakunahan.

To ensure the efficient and orderly rollout of the vaccines, the national government must enhance its coordination with local government units and the private sector lalung-lalo na po, iyong mga senior citizens, dapat po kung maaari ay puntahan po ng mga local government units; anyayahan po sila na magpabakuna po, dahil importante po ang ating mga senior citizens. Importante rin po na wala pong magkasakit, importante pong hindi umabot sa severe cases para po hindi bumagsak ang ating healthcare system. Binabalanse naman po ng gobyerno ang lahat between economy and health.

Ako naman po, kami ni Pangulong Duterte, importante po sa amin ang buhay ng bawat Pilipino. Ang pera po ay kikitain, pero iyong perang kikitain ay hindi po nabibili ang buhay. A lost life is lost life forever, kaya pangalagahan po natin ang buhay ng bawat Pilipino.

Pagkatapos ng A4, pupunta naman tayo sa A5. Iyon po ang importante, ang mga kababayan nating mahihirap na hindi po alam kung saan pupunta at paano magpabakuna. Iyong malalayong lugar, dapat rin po ay bigyan natin sila ng mga bakuna lalung-lalo na iyong mga kababayan natin na hindi pa po nasulyapan kung ano po ang itsura ng bakuna, huwag po natin sailing kalimutan, iyong mga kababayan nating mahihirap.

Kaya importante po dito ay ma-implement po kaagad iyong A1, A2, A3, magbubukas na ang A4, importante po dito ay ma-encourage po ang ating mga kababayan lalung-lalo na po na nasa A4 na magpabakuna na rin po para unti-unti na tayong pumunta sa A5 habang dumarating po ang mga bakuna.

Bagama't limitado po ang bakuna sa ngayon, sinisikap po ng ating gobyerno na makakuha tayo ng mga bakuna. Kaya ako po ay nakikiusap sa ating mga kababayan na kapag qualified na po kayo ay magpabakuna na po kayo mga kababayan ko. Ito po ang susi o solusyon natin para unti-unti na po tayong makabalik sa ating normal na pamumuhay. Mga kababayan ko, magpabakuna po kayo.

Again, I thank our officials led by Vaccine Czar Secretary Carlito Galvez Jr., Secretary Francisco Duque, Secretary Vince Dizon and all our government officials who worked tirelessly to insure our supply of vaccines and the systematic rollout of our vaccination program. I also thank our local government officials who are at the forefront of this program and our partners in the private sector. With the start of our mass vaccination for this group, workers in the public and private sectors will have an added layer of protection against the disease and prevents its further spread.

Iniimbitahan ko po ang lahat ng miyembro na nabibilang sa A4 priority group na magpabakuna na po kayo sa inyong mga lokalidad upang manatiling ligtas ang inyong kalusugan. Your

vaccination is the only way for our country to put an end to this pandemic and revive our nation's economy. However, let us remember that as long as the pandemic is here, we must continue to observe minimum health protocols.

Habang nandidiyan pa po ang COVID-19 huwag po kayong magkumpiyansa delikado po ang COVID-19, kaya tandaan po natin: Mag-mask, maghugas at mag-iwas po!

Bilang chair ng Senate Committee on Health and Demography, asahan ninyo na gagawin ko ang lahat ng aking makakaya upang masiguro ang kalusugan ng bawat Pilipino. Tara at magpabakuna na po tayo mga kababayan ko.

[PLEDGE OF COMMITMENT]

DOH SEC. DUQUE: Thank you very much for that introduction.

Ang akin pong mga kapwa Kalihim at mga kasama, sa atin pong Inter-Agency Task Force on Emerging Infectious Diseases, at higit sa lahat, ang akin pong mga kapwa lingkod-bayan. Ang atin pong mga namumuno sa mga malalaking mga industriya ng ating mahal na bayan, our captains and kings of our Philippine business and industries, muli sa ngalan ng Inter-Agency Task Force at sa Department of Health, isang maganda, mapagpala at malusog na araw sa inyo pong lahat.

Tatlong buwan na mula ng mag-umpisa tayong magbakuna ng ating mga healthcare workers at patuloy pa rin nating tinutupad ang direktiba ng walang iba kung hindi ang Pangulong Rodrigo Roa Duterte na bigyan ng ligtas, epektibo at libreng bakuna ang bawat Pilipino. Sa pagbubukas ng bagong yugto ng atin pong bakunahan kung saan mas darami na ang bakunang darating at mag-uumpisa na ang pagbabakuna ng mga nagtatrabaho or A4. At nais kong ipaalala ang tatlo pong mga bagay-bagay:

- Una, ang kumpletong proteksiyon ng bakuna ay makakamit lamang dalawang linggo pagkatapos ng inyo pong ikalawang dose.
- Ikalawa, kung patuloy na hindi mababakunahan ang mga nakatatanda at may sakit, mangangamba pa rin po tayo para sa kanilang kalusugan na sila po ang talagang pinakamalaking bilang ang pumapanaw, kapag tumataas ang kaso ng COVID-19 sa atin pong bayan.
- At ikatlo, kung kakaunti lang sa atin ang magpapabakuna at hindi tatapusin ang dalawang doses, hindi po natin makakamit ang malawakang proteksiyon na kinakailangan natin para puwede na nating tanggalin ang face mask, ang atin pong face shield o 'di kaya magsalu-salo para tuluy-tuloy na ang pagbukas ng mga negosyo at pagdami muli ng mga trabaho.

